

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2024-0002
	Title	Implementing Guidelines for the PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (PhilHealth Konsulta) Package Revision 3


Tanong	Sagot
A. Karaniwang tanong ng mga miyembro/publiko	
1. Ano ang PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama o Konsulta?	Ito ang pinalawak na primary care benefit package ng PhilHealth para sa health screening at assessment, laboratory at diagnostic exams, at mga piling gamot.
2. Sino ang mga makagagamit nito?	<p>Lahat ng Filipino ay maaaring makagamit ngunit kailangang magparehistro sa isang PhilHealth-accredited Konsulta Package Provider (KPP) para magamit ang benepisyong. Ang pagpaparehistro sa Konsulta ay iba sa pagpaparehistro bilang miyembro ng PhilHealth.</p> <p>Sa pamamagitan ng pagrehistro sa PhilHealth Konsulta, nakikilala ng duktora sa KPP ang bawat miyembrong kaniyang aalagaan bilang primary care provider sa loob ng isang buong taon.</p> <p>Siya ang gagabay sa miyembro tungkol sa pinakamabisa at abot-kayang serbisyong pangkalusugan, ayon sa pangangailangan ng pasyente.</p>
3. Bakit kailangang magparehistro muli sa Konsulta kahit miyembro na ng PhilHealth?	Ang pagpaparehistro sa isang KPP ay alinsunod sa itinakda ng Universal Health Care (UHC) Law upang masiguro na ang bawat Filipino ay mabibigyan ng duktora na tutugon sa kanilang pangangailangang pangkalusugan. Dahil dito, magkakaroon ng continuity of care sa pamamagitan ng referral na manggagaling sa KPP.
4. Mairerehistro ba sa Konsulta ang asawang foreigner o banyaga?	Hindi. Layunin ng kasalukuyang polisiya na mabigyan ng primary care ang bawat Filipino. Ibang polisiya ang sasaklaw sa primary care ng mga banyaga sa ilalim ng Konsulta.
5. Paano magparehistro sa isang KPP?	<p>May tatlong (3) paraan sa pagpaparehistro sa Konsulta:</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Kung may internet access:

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2024-0002
	Title	Implementing Guidelines for the PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (PhilHealth Konsulta) Package Revision 3

	<p>Member-Initiated Registration: Maaaring magparehistro gamit ang PhilHealth Member Portal. Mag-log in o gumawa ng account sa (https://memberinquiry.philhealth.gov.ph/member/) at i-click ang “Konsulta.” Pumili ng isang KPP kung saan mo nais makagamit ng benepisyo.</p> <p>Dapat siguruhin ng miyembrong updated ang kaniyang PhilHealth membership information na makikita sa Member Data Record (MDR) sa Portal.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Kung walang internet access: <p>PhilHealth-Assisted and Initiated Registration na gagawin sa mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> ○ PhilHealth Local Health Insurance Offices (LHIOS) ○ PhilHealth Customer Assistance, Relations and Empowerment Staff (PCARES) sa mga ospital ○ PhilHealth Action Center Hotline <p>Third-Party Assisted Registration:</p> <ul style="list-style-type: none"> ○ Mga Konsulta Package Providers (KPPs) ○ Mga Local Government Units (LGUs) ○ Mga ibang ahensya na binigyan ng permiso ng PhilHealth na magsagawa ng third-party assisted registration.
6. Ano ang mga kailangang dokumento para makapagrehistro?	<p>Kopya ng Member Data Record (MDR) kung saan nakasulat ang PhilHealth Identification Number (PIN). Kung walang kopya ng MDR, maaaring magtungo sa pinakamalapit na PhilHealth Local Health Insurance Office (LHIO) para makahingi ng kopya (tignan ang listahan dito: https://www.philhealth.gov.ph/about_us/map/regional.htm)</p>

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2024-0002
	Title	Implementing Guidelines for the PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (PhilHealth Konsulta) Package Revision 3


	Maaari ring mag-download ng MDR gamit ang PhilHealth Member Portal.
7. Makagagamit ba ng Konsulta kung hindi pa miyembro ng PhilHealth?	Kailangan munang magparehistro bilang miyembro ng PhilHealth. Magsumite ng PhilHealth Member Registration Form (PMRF) sa pinakamalapit na LHIO para mairehistro at mabigyan ng PIN.
8. Ano-anong serbisyo ang makukuha ko sa Konsulta?	Hatid ng Konsulta ang mga sumusunod: check-up, health screening at assessment, laboratory at gamot ayon sa health risks, edad, at pangangailangan ng pasyente.
9. Maaari bang paulit-ulit magpakonsulta sa napiling KPP?	Oo, ngunit depende sa health screening at risk assessment ng duktur.
10. Saang mga klinika o pasilidad maaaring gamitin ang Konsulta?	Ito ay magagamit sa alinmang pampubliko o pribadong pasilidad na accredited ng PhilHealth bilang KPP. Maaaring makita ang istahan ng mga accredited KPP dito: https://www.philhealth.gov.ph/partners/providers/institutional/map/
11. Saan pwedeng magtanong tungkol sa sa benepisyong ito?	Tumawag sa Action Center (02) 8662-2588 o Mobile Hotlines (call and text): Smart: 0998-857-2957/0968-865-4670 Globe: 0917-127-5987/0917-110-9812 Mag-email sa actioncenter@philhealth.gov.ph o pumunta sa aming Facebook page: www.facebook.com/PhilHealthOfficial o X (formerly Twitter) @teamphilhealth, o bumisita sa pinakamalapit na LHIO.
12. Makagagamit ba ng Konsulta sa KPP kung saan hindi rehistrado ang miyembro?	Oo, ngunit kailangang bayaran ang mga serbisyo at gamot. Libreng magagamit ang Konsulta sa isang pampublikong KPP kung saan ka nakarehistro.

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2024-0002
	Title	Implementing Guidelines for the PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (PhilHealth Konsulta) Package Revision 3


	Kung ikaw ay magpaparehistro sa isang pribadong KPP, maaari kang singilin nang hindi lalampas sa P500 sa loob ng isang taon.
13. Ano ang Authorization Transaction Code (ATC) at saan ito ginagamit?	Ang ATC ay isang code na kailangang ibigay sa KPP tuwing gagamit ng mga benepisyong at serbisyo sa ilalim ng Konsulta.
14. Paano kumuha ng ATC?	Makukuha ito sa mga sumusunod: 1. PCARES na nakatalaga sa isang ospital; o 2. Pinakamalapit na LHIO. 3. PhilHealth Member Portal
15. Makagagamit ba ng benepisyong kung walang ATC?	Oo. Pumunta sa KPP kung saan nakarehistro, punan ang photo consent form na makikita sa Annex G ng polisiyang ito, at magpakuha ng litrato sa KPP.
16. Maaari bang lumipat sa ibang KPP sa loob ng kasalukuyang taon?	Maaari lamang lumipat ng KPP ayon sa mga sumusunod na kondisyon: 1. Wala pang nagamit na benepisyong at serbisyo o first patient encounter; o 2. Nagsara ang KPP.
17. Pwede bang lumipat sa ibang KPP sa susunod na taon at kalian ko ito kailangang gawin?	Oo. Punan ang PhilHealth Konsulta Registration Form (PKRF) na matatagpuan sa Annex B ng polisiyang ito at itsek ang kahon na transfer. Maaaring isumite ang PKRF para sa pagpapalit ng KPP simula Oktubre hanggang Disyembre ng kasalukuyang taon.

B. Karaniwang tanong ng mga Konsulta Package Providers (KPPs)

18. Paano maging PhilHealth-accredited KPP at ano ang mga kailangang isumiteng dokumento?	Ang mga proseso at requirements ay nakapaloob sa PhilHealth Circular No. 2023-0012.
19. Magkano ang babayaran ng PhilHealth para sa mga sebisyonang maibibigay ng KPP?	P500 kada pasyente sa pampublikong KPP at P750 para sa mga pribadong pasilidad kada tao. Maaaring magkaroon ng karagdagang bayad ang pasyente o co-payment na hindi lalampas sa P500 kada taon.
20. Paano babayaran ng PhilHealth ang mga KPP?	Dapat ay nagkaroon ng first patient encounter at isang medical consultation ang pasyente sa KPP para mabayaran.

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2024-0002
	Title	Implementing Guidelines for the PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (PhilHealth Konsulta) Package Revision 3

	<p>Dalawang tranches ang pagbabayad. Ang unang tranche ay 40% ng P500 (P200) sa pampublikong at 40% ng P750 (P300) sa pribadong pasilidad.</p> <p>Ang natitirang 60% ay babayaran kapag nasunod ang mga performance indicators na itinakda. Kung ang lahat ng ito ay naipasa, matatanggap ng KPP ang balanse: P300 (pampubliko) at P450 (pribado).</p>
21. Ano ang gagamiting reporting system ng mga KPP?	<p>Sila ay bibigyan ng interim system na tinatawag na eKonsulta, isang electronic system, na gagamitin sa pagsusumite ng mga reports sa PhilHealth.</p> <p>Ang mga resulta ng konsultasyon, laboratory tests, at naibigay na medisina ay kailangang i-encode sa eKonsulta.</p>
22. Kailan dapat magsumite ng report sa PhilHealth? Mayroon bang deadline?	<p>Oo. Ang deadline ng pagsumite ng mga reports ay 11:59 PM tuwing ika-pitong araw ng buwan. Anumang report na hindi naisumite pagkatapos ng deadline ay mapapabilang sa susunod na cycle ng pag-compute ng Statement of Accounts Payable (SAP).</p> <p>Maaaring magsumite ng report araw-araw kung kakayanin ng KPP.</p>
23. Ano ang Statement of Accounts Payable (SAP)?	Sa SAP makikita ang halagang ibabayad na capitation ng PhilHealth sa isang KPP.
24. Kailan makatatanggap ng capitation ang KPP?	Ito ay matatanggap matapos makapag-generate ng SAP ang PhilHealth tuwing ika-walong araw hanggang katapusan ng buwan. Ito ay ipoproseso sa loob ng animnapung (60) araw.
25. Babayaran ba ng PhilHealth ang lahat ng report ng mga KPPs?	Oo kapag ang mga ito ay nakapasa sa mga patakaran at alituntuning nakasaad sa polisiyang ito.
26. Maaari bang “maghakot” ng mga pasyente ang KPP?	Dapat kusang-loob na pinili ng miyembro ang KPP at mayroong PhilHealth Konsulta Registration Form (PKRF) na pinirmahan.
27. Kailangan bang gawin ang first patient encounter (FPE) taun-taon?	Kung ang isang KPP ay nagsagawa ng FPE sa isang pasyente at isang konsultasyon para sa kasalukuyang taon, hindi na

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2024-0002
	Title	Implementing Guidelines for the PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (PhilHealth Konsulta) Package Revision 3

	<p>kailangang ulitin ang FPE. Ang KPP ay mababayaran ng buong 40% sa susunod na taon.</p> <p>Ngunit kung FPE lamang ang nagawa, kinakailangang magkaroon muna ng kahit isang konsultasyon ang miyembro bago bayaran ng PhilHealth ang kabuuang 40% sa susunod na taon.</p>
28. Kailangan bang punan ang electronic Konsulta Availment Slip (EKAS) at electronic prescription slip (EPRESS) kahit FPE lang ang ginawa sa pasyente?	Oo. Ang EKAS at EPRESS ay patunay na nakagamit ng benepisyo at serbisyo ang pasyente.
29. Babayaran ba ng PhilHealth kung nabigyan muna ng serbisyo tulad ng FPE at consultation ang isang pasyente bago magparehistro sa Konsulta?	Oo ngunit dapat mairehistro agad ng KPP ang pasyente pagkatapos bigyan ng serbisyo.